



GABAY SA PAGTATANIM NG **ORGANIKONG KALABASA**



PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Nabubuhay ang kalabasa sa maraming uri ng lupa ngunit mainam lupang sagana sa organikong bagay na kadalasang nagmumula sa kompost. Kailangan ang pH na 5.6-6.8. Maaari itong itanim anumang buwan ng taon sa mga lugar na may temperaturang 18-30°C.

PAGPILI NG BINHI

Ang mga binhing angkop sa organikong produksyon ay Rizalina, Batac, at Sorsogon. Ayon sa Pag-aaral ng DOST-PCAARRD, ang mga bagong binhi na 1056, 1058, at 10128 para sa pantay at mabilog na uri, at 10127 at 10129 para sa mahahabang uri, ay may potensyal sa organikong produksyon.



PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang taniman ng dalawang beses. Gumawa ng magkakatabing kamang taniman na may lapad na 0.75-1.0 m at pagitan na 5-7 m. Maaring lakihan ang pagitan ng bawat butas kung magtatanim sa ilalim ng niyog o sa lugar may malilim. Maglagay ng organikong pataba sa kamang taniman. Mainam din na takpan ang mga ito ng mulch para mapamahalaan nang wasto ang damo at mapanatili ang pagkabasa ng lupa.



Kinikilala ang kalabasa (*Cucurbita moschata* Duch.) bilang mahalagang gulay na pinagkukunan ng bitamina at mga mineral. Karaniwan itong itinatanim sa bakuran at sa komersyal na pamamaraan. Sa ibang lugar, itinatanim ito kasama ng iba pang pananim gaya ng mais, tubo, at niyog. Mataas ang maaaring maging kita sa pagtatanim nito dahil ito ay nagtatagal at may mataas na presyo. Madalas din itong bilhin ng mga mamimili dahil sa taglay nitong bitamina A.



Gumawa ng butas sa mga kamang taniman na may pagitan na 30-50 cm. Maaaring gawing mulch ang mga pinutol na damo o dayami.

PAGTATANIM

Maaaring magtanim ng direktong sa taniman o magpunla. Kung ang una ang gagawin, magtanim ng 2-3 buto sa bawat butas/tundos sa lalim na 2cm at pagitan na 1 m bawat tundos. Ang pagitan naman ng bawat tudling ay 3-7 m. Kung magpupunla, pasibulin ang mga buto sa kahon na plastik na may pinaghalong bunot ng niyog o abo ng palay, kompost, at lupa (tig-iisang parte). Diligan ang kahon bago at matapos maitanim ang mga buto. Takpan ang mga ito ng papel o manipis na dayami upang mapanatili ang pagkabasa ng pinag-tamnan. Pagkatapos ay ilagay sa lilim na halos 30% ang kahong punlaan. Maaari ng ilipat-tanim ang mga punla 2 linggo pagkasibol.

Pitasin ang dulo ng mga punla kung nasa 5 na ang dahon upang sumanga. Ang dalawang pangunahing sanga ay mainam. Pagapangin ang mga baging ng halaman sa gitna ng mga hanay para mapadali ang pamamahala ng taniman.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bitatahan ang Pinoy Rice Knowledge Bank www.pinoyrice.com
rice_matters (twitter) | rice.matters (facebook)





PANGANGALAGA

Nakakatagal ang kalabasa sa tuyong lupa ngunit hiyang ito sa regular na pagdidilig tuwing tag-init. Diligan ang mga halaman tuwing 7-10 araw.

Maglagay ng 1 kg na binulok na dumi ng hayop bawat tundos. Dagdagan ito depende sa lusog ng mga halaman. Ang manure tea at fermented plant juice (FPJ) ay maaaring idilig kung bata pa ang mga halaman.

Kailangan ang polinasyon upang mabuo ang mga bunga. Ginagawa ito ng mga bubuyog ngunit upang makasiguro, ang manwal na polinasyon ay maaaring gawin sa umaga. Koletahin ang mga lalaking bulaklak na bukas na at ikiskis sa gitnang bahagi ng mga babaeng bulaklak. Maaaring gamitin ang isang bulaklak na lalaki sa 2-3 bulaklak na



PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang mga karaniwang peste ng kalabasa ay dapulak (*Aphis craccivora*), langaw (*Bactrocera cucurbitae*), uod (*Spodoptera litura*), at uwang (*Aulcophora similis*). Ang uwang ay maiiwasan kung papagpagan ng abo ng ipa ng palay. Maaari ring mag-spray ng tinunaw na sabon (4 na kutsara sa 16 L na tubig). Ang katas ng sili (100 g dinurog na sili sa 16 L ng tubig) na hinalo sa tinunaw na sabon naman ang mabisa para sa dapulak. Upang maiwasan ang pinsala dulot ng langaw, maglagay ng bitag na may methyl eugenol. Mag-spray ng nabibiling *Bacillus thuringiensis* (Bt) para mapuksa ang mga uod.

Virus, pagkalanta dulot ng bakterya, amag, at pagliit ng mga dahon naman ang mga karaniwang sakit. Ang ilan sa maaaring gawin upang maiwasan ang mga ito ay ang mga sumusunod: pagtatanggal ng pinagmumulan ng mga mikrobyong sanhi ng mga sakit, paggamit ng binhing hindi tinatamaan ng sakit, at pagtanim ng ibang uri ng gulay sa mga susunod na panahon ng taniman.



Zucchini mosaic virus



Uwang o cucurbit beetle



Dapulak o Aphids



PAG-AANI

Ang pag-ani ng kalabasa ay dumedepende sa pangagailangan sa pamilihan. Anihin ang mga bunga kung tuyo na ang tangkay nito. Subalit, magtira ng bahagi ng tangkay upang tumagal ang mga bunga. Iwasang putulin ang mga bunga sa sanga kung hindi maipagbibili agad. Ilagay sa lilim ang mga bunga at ingatan na hindi magasgas o mamasa.

MGA PINAGHALAWAN

[BAR] Bureau of Agricultural Research. 2012. Squash. AgFishTech Portal: Vegetables. Petsa ng pagdownload: Setyembre 09, 2015 mula sa <http://www.bar.gov.ph/agfishtech-home/crops/207-vegetables/1301-squash>.

MAMARIL VR, SICAT SR, SISON E, BUÑO TS. 2013. Pole Sitao Production Guide. Department of Agriculture – Bureau of Plant Industry (DA – BPI). 14p. Petsa ng pagdownload: Setyembre 09, 2015 mula sa http://bpi.da.gov.ph/pdf/publication/production_guide/PRODUCTIONGUIDE-SQUASH.pdf.

[PCAARRD] Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development. 2014. Organic Squash Production (Pulyeto). PCAARRD Information Bulletin No. 43.

MGA LARAWAN

www.kalusugan.ph

www.ourlifeofwonderful.blogspot.com

<http://www.pestnet.org>

<https://upload.wikimedia.org>

<http://aggie-horticulture.tamu.edu>

<http://extension.missouri.edu>